# MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA

AMAZING FACTS

## Pagyukod sa Babilonya

Daniel 3:1-30

## Ang Kasaysayan...

Humudyat si Haring Nabukodunosor, at ang tugtugin mula sa libo-libong instrumento ay nagsimulang umalingawngaw, bumagsak ang tabing at nalantad ang isang 90-talampakang larawan na laganas na ginto na lubhang kagilagilalas at nakasisilaw sa liwanag ng araw. At, sa pagsunod sa utos ng hari, ang lahat na mga nagtitipon sa kapatagan ng Dura ay nangagpatirapa sa lupa sa matapat na pagsamba, maliban sa tatlong kabataang Hebreo na mga lingkod ng higit na makapangyarihang Hari.



Si Nabukodonosor ay may pagmamalaking nakangiti at nasisiyahan—hanggang iniulat na sina Shadrach, Meshach, at Abednego ay tumanggIng yumukod at sumamba sa kanyang larawan. Namangha na may sinomang nangahas na sumuway, ipinalagay ng hari na ang mga kabataang tagapayong ito ay maaaring hindi naunawaan ang kanyang utos. Muli silang pinagkalooban ng pagkakataon—ngunit sila ay tumanggi! Nagpuyos ang galit ng hari. Inutusan ang kanyang mga kawal na painitin ng pitong ulit na mainit kaysa dati ang nakahandang pugon sa malapit. Samantalang tinatambakan ng panggatong ang apoy, ang tatlong kabataan ay mahigpit na iginapos. Ang init ay totoong masidhi na nangamatay ang mga kawal na naghagis sa tatlo sa naglalagablab na impiyerno.

Nang silipin ng hari ang nagliliyab na pugon, bigla siyang napanganga. Nanginig ang tinig na nagtanong ang hari, "Hindi ba tatlong nakagapos ang ating tinapon sa gitna ng apoy?" Sumangayon ang kanyang mga tagapayo. Sumagot ang hari, "Aking nakikita ay apat na lalaki na hindi gapos na naglatakad sa gitna ng apoy, at sila'y walang paso; at ang anyo ng ikapat ay kawangis ng Anak ng Dios." Daniel 9:25.

Iniligtas ng Dios ang matatapang na mga kabataan mula sa apoy ng pugon sapagkat sila'y tumayo sa Kanyang katotohanan. Sa mga huling araw, ang bayan ng Dios ay haharap din sa gayong pagsubok.

13

# Ang Pag-aaral…

*Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.*

**1. Papaanong nakikiugnay ang ating kasaysayan sa Daniel 3 sa Apokalipsis?**


Apokalipsis 13:15 *At maipapatay naman ang lahat na hindi ______________ sa ______________ ng hayop.*

PALIWANAG: Sa mga huling araw, ang bayan ng Dios ay muling pipiliting sumamba nang labag sa kanilang kalooban o konsiyensya, at kung hindi, sila'y ipapapatay. Kailangang mamili sila sa pagsunod sa kautusan ng Dios o kautusan ng tao.

**2. Ano ang mga pabalita ng tatlong sinugong anghel ng Apokalipsis 14?**

Apok. 14:7 *Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagkat ang oras ng Kanyang ______________ ay ______________; at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig.*
Apokalipsis 14:8 *At ang pangalawang anghel ay sumunod, nagsasabi, ______________, naguho ang dakilang Babilonya, na siyang nagpainom sa lahat na bansa ng alak ng kagalitan ng kanyang pakikiapid.*

PALIWANAG: Sinasabi ng Apokalipsis 14:6-14 na sa mga huling araw, ang kagilagilalas na pabalitang ito ng pagasa at babala ay sasa-buong sanlibutan upang ihanda ang mga tao sa pagbabalik ng Panginoon. Ang isa nito ay nagbababala laban sa pagsamba sa hayop at pagtanggap ng tanda nito. Sa araling ito, kikilanlin natin ang hayop. Sa araling 14, kikilanlin natin ang tanda. Ang buhay na walang hanggan ay nakasalalay dito, kaya manalanging maalab para sa patnubay ng Dios at pagkaunawa ng iyong pagaaral.



**3. Ano ang kinakatawanan ng hayop sa propesiya ng Biblia?**

Daniel 7:17 *Ang mga dakilang ______________ na ito na apat, ay apat na ______________. Daniel 7:23 Ang ikaapat na hayop ay magiging ikaapat na ______________ sa ibabaw ng lupa. Daniel 8:21 At ang may magaspang na balahibo na lalaking kambing ay siyang ______________ sa Gresya.*

PALIWANAG: Sa propesiya, ang hayop ay kumakatawan sa pamahalaan, kaharian, o kapangyarihang pampulitika. Ginagamit ng Dios ang mga hayop na katawanin ang mga pamahalaan, tulad ng ginagawa natin ngayon —ang agila (Estados Unidos), ang oso (Rusya), etc. Sa Biblia, ang "hayop" ay hindi salita ng kawalang-galang. Hindi ito nagmumungkahi ng makahayop na paguugali. Ang hayop na may tanda ay inilalarawan sa Apok. 13:1-10, 15-18. Basahin ang mga talatang ito bago magpatuloy sa ikaapat na katanungan.

**4. Papaanong ipinakikilala ng Biblia ang hayop?**

Apokalipsi 13:1 … *At nakita ko ang isang ______________ na umahon sa dagat, na may pitong ulo at sampung sungay, at sa kanyang mga sungay ay sampung diadema at sa kanyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan.*

PALIWANAG: Sa Apokalipsis 13:1-10, 15-18, ibinigay ng Dios ang sampung palatandaan upang makilala ang hayop. Pinagkalooban tayo ng mahabang talaan ng kanyang likas upang tayo'y makatiyak sa pagkakakilanlan ng hayop.

1. Umahon mula sa dagat (talatang 1)
2. Tumanggap ng kapangyarihan, luklukan, at kapamahalaan mula sa dragon (talatang 2)
3. Naging pansanlibutang kapangyarihan (mga talatang 3, 7)
4. Nagkasala ng pamumusong (mga talatang 1, 4, 6)
5. Namahala sa loob ng 42-buwan ng propesiya (talatang 5)
6. Tumanggap ng sugat na ikamamatay na gumaling (talatang 3)
7. Isang kapangyarihang relihiyoso na tumatanggap ng pagsamba (mga talatang 4, 8)
8. Inusig ang mga banal ng Dios (talatang 7)
9. Nagtataglay ng mahiwagang bilang na 666 (talatang 18)
10. Pinangungunahan ito ng nagiisang makapangyarihang tao (talatang 18)

## 5. Ang hayop na ito ay umahon mula sa dagat. Ano ang kinakatawanan ng dagat, o tubig?

Apok. 17:15 *Ang ______________ na iyong nakita … Ay mga ______________, at mga karamihan, at mga bansa at mga wika.*

PALIWANAG: Sa propesiya, ang tubig ay kumakatawan sa lubhang karamihan ng mga tao, o mga lugar na napakarami ang naninirahan. Sinabi ng propesiya na ang hayop ay aahon mula sa gitna ng mga bansang nakatatag na o noon ay kilalang sanlibutan. Ang kapapahan ay bumangon sa Kanlurang Europa, kaya ito ay akma sa unang bilang ng pagkakakilanlan. Ano naman ang tungkol sa natitira pang siyam na mga pagkakakilanlan?

## 6. Sino ang nagbigay sa hayop ng kapangyarihan at kalagayan nito?



Apok. 13:2 *At ibinigay sa kanya ng ______________ ang kanyang ______________at kanyang ______________, at dakilang kapamahalaan.*

PALIWANAG: Ang hayop—na may tandang dapat nating iwasan—ay tinanggap ang kapangyarihan, kapamahalaan, at punong lungsod nito mula sa dragon. Sa Apokalipsis 12:3-5, ang dragon ay siyang kapangyarihang nagtangkang wasakin ang sanggol na Jesus sa Kanyang pagsilang. Kinasihan ni Satanas si Herodes, isang haring pagano sa imperyo ng Roma, na patayin ang lahat ng lalaking sanggol sa Bethlehem (Mate 2:13, 16). Kanino isinalin ng paganong Roma ang kanyang kapamahalaan at punong lungsod? Maliwanag ang kasaysayan na ang paganong Roma ang nagsalin ng kapangyarihan at punong lungsod nito sa iglesya ng Roma. Ang siping ito ay karaniwan: "Ang iglesya ng Roma … ay itinulak ang kanyang sarili sa lugar ng Pangsanlibutang Imperyo ng Roma, na siyang pagpapatuloy nito. … Ang Papa na tinatawag ang kanyang sarili na 'Hari' at 'Pontifex Maximus,' ay kahalili ng Caesar." Kaya ang ikalawang pagkakakilanlan ay akma rin sa kapapahan.

---

Adolph Harnack, What is Christianity? (New York, Putnam, 2nd edition, revised, 1901), p. 270.

## 7. Gaano kalawak ang impluwensya ng hayop?

Apok. 13:3 *At ang ______________ ______________ ay nanggilalas sa hayop.*

PALIWANAG: Walang alinlangan na nang Gitnang Kapanahunan, ang kapapahan ay siyang tunay na kapangyarihan sa sanlibutan. Sa katotohanan ang salitang "katoliko" ay nangangahulugan ng "pangsanlibutan". Maliwanag na akma rito ang ikatlong pagkakakilanlan.

## 8. Ano ang lumabas sa bibig ng hayop?

**Apok. 13:6** *At ibinuka niya ang kanyang bibig sa mga ______________ laban sa Dios, upang kanyang ______________ ang Kanyang pangalan.*

PALIWANAG: Ipinakakahulugan ng Biblia na ang pamumusong ay taong nagaangkin na makapagpapatawad ng mga kasalanan (Lukas 5:21) at nagaangking Dios (Juan 1:33). May katapangang inaangkin ng kapapahan ang kapangyarihang magpatawad ng kasalanan. Pansinin ang mga sumusunod na bahagi mula sa katesismong Katoliko: "Ang Pari ba ay tunay na nakapagpapatawad ng kasalanan o ipinahahayag lamang niya na ang kasalanan ay pinatawad na? Ang Pari ay tunay at totoong nagpapatawad ng mga kasalanan sa kapangyarihang ipinagkaloob sa kanya ni Kristo." Inaangkin din ng kapapahan na ang papa ay kapantay ng Dios. Sinabi ni Papa Leo XIII, "Kami (ang mga papa) ang may hawak sa lupang ito ng lugar ng Makapangyarihang Dios." Narito pa ang isang pangungusap ukol sa papa: "Ikaw ang isa pang Dios sa lupa." Lapat sa kapapahan ang bilang 4.

---

1 Joseph Deharbe, S. J. *A Complete Catechism of the Catholic Religion* (New York: Schwartz, Kirwin & Fauss, l924), p. 279.Christopher Marcellus, *Oration in the Fifth Lateran Council*, Session IV (1512), Manuscript SC, Vol. 32, col. 761 (Latin). Pope Leo XIII, Encyclical Letter "The Reunion of Christendom," dated June 20, l894, trans. in *The Great Encyclical Letters of Pope Leo XIII* (New York: Benziger, 1903), p. 304.

## 9. Gaano katagal mamumuno ang unang hayop?

**Apok. 13:5** *At binigyan siya ng kapamahalaan upang magpatuloy ng ______________ at dalawang buwan.*

PALIWANAG: Tandaan, na sa propesiya, ang isang araw ay katumbas ng isang literal na taon (Eze.4:6). Ang panahong ito ay paulitulit na tinutukoy sa propesiya na tatlo-at-kalahating-taon, o 42 buwan, or 1,269 na araw. Kung ibabatay sa 30-araw na kalendaryo ng mga Judio noon, ang tatlong panahong ito ay mabubuo sa isang 1,260-araw ng propesiya o 1,260 literal na mga taon. Ang pansalibutang kapangyarihan ng Roma sa ilalim ng kapapahan ay opisyal na tinanggap noong A.D. 538, nang ang utos ni Emperador Justiniano na ginagawang makapangyarihan sa lahat ang kapapahan ay hindi sinalungat. Noong 1798, nang ang papa ay bihagin ni Gen. Alexander Berthier, isang heneral ni Napoleon Bonaparte, ang kapapahan ay nakadama ng ikamamatay na sugat. Mapapansin mo na ang panahon sa pagitan ng A.D. 538 at 1798 ay 1,260-taon, walang labis, walang kulang. Kaya ang ikalimang pagkakakilanlan ay akma sa kapapahan.



## 10. Ano ang nangyari sa hayop pagkaraan ng 42 buwan?

**Apok. 13:3** *At nakita ko ang isa sa kanyang mga ulo na sinugatan ng ikamamatay; at ang kanyang ______________ na ikamamatay ay ______________; at ang buong lupa ay nanggilalas sa hayop.*

PALIWANAG: Nang bihagin ni Gen. Berthier ang papa noong l798 at dalhin ito sa Francia kung saan ito namatay, ang kapapahan ay tumanggap ng sugat na ikamamatay. Inakala ng kalahati ng Europa na ito na ang wakas ng kapapahan, ngunit sinabi ng Dios na ang sugat ay gagaling at ang kanyang kapangyarihan at impluwensya ay maibabalik hanggang ang buong sanlibutan ay susunod sa kanyang pangunguna. Si Malachi Martin, isang lubos na "Vatican insider" ay inilahad ang mga sumusunod sa kanyang aklat, The Keys of This Blood: "Ang papa ay siyang pinakakilalang tao ng ika-20 siglo (p. 123), nakabuo ng personal na ugnayan sa mga pinuno ng 91 mga bansa (p. 490), at handa sa pansanlibutang pamumuno ngayon" (p. 143). Kahit na ang isang baguhan ay kikilalanin na ang kapapahan ay siyang, sa di-mabilang na kapamaraanan, pinakamaimpluwensyang kapangyarihan sa balat ng lupa. At sa bawat paglalakbay na ginagawa ng papa, ang kanyang kapangyarihan at impluwensya ay lumalago. Ang pinaraming milyon-milyon sa buong sanlibutan ay tumitingin ngayon sa

kapapahan na siyang tanging pagasa para sa pansanlibutang pagkakaisa, kapayapaan, at karangalan—tulad ng ipinahayagng Dios.

Joseph Rickaby "The Modern Pope" *Lectures on the History of Religion,* (London, Catholic Truth Society, 1910), Vol. 3, Lecture 24, p. 1.
Malachi Martin, *The Keys of This Blood* (New York: Simon & Schuster, 1990).

## 11. Ang hayop ba ay kapangyarihan ng relihiyon?

Apok. 13:15 … *At maipapatay ang lahat na hindi ______________ sa larawan ng hayop.*

PALIWANAG: Maliwanag, na ang kapangyarihang ito ay magiging sangkot sa mga bagay na espirituwal. Ang mga salitang "sumamba" o "sinamba" ay limang ulit na ginamit sa Apokalipsis 13, na tumutukoy sa kapangyarihang ito. Tiyak at walang alinlangan na ang kapapahan ay umaakma sa ikapitong pagkakakilanlan.

## 12. Ano ang gagawin ng hayop sa mga banal?

Apok. 13:7 *At ipinagloob sa kanya na______________ sa mga banal, at ______________ sila.*

PALIWANAG: Karaniwan nang kaalaman na ang kapapahan ang umusig at nagwasak sa mga Kristiyanong matapat sa kanilang pananampalataya, lalo na ng Kalagitnaang Panahon, ang rurok ng kapangyarihan nito. Maraming manunulat ng kasaysayan ang nagpapatotoo na mahigit sa 50-milyong mga tao ang nangamatay sa kanilang pananampalataya sa panahong ito ng kaguluhan. Marahil, nadarama ng iglesya na ginagawa niya ang mabuti sa Dios sapagkat pinapawi niya ang "erehiya." Humingi na ng kapatawaran ang papa para sa iglesya sa mga kalupitan nito, ngunit ang katotohanan ay nanatiling ito'y nangusig at nangwasak. Lapat ito sa bilang 8.



## 13. Ano ang mahiwagang bilang na nagpapakilala sa hayop?

Apok. 13:18 *Ang kanyang bilang ay ______________ na raan at animnaput ______________.*

PALIWANAG: Sa Apokalipsis 13:18, sinabi ng Dios na bilangin ang bilang ng pangalan ng hayop at ito ay bilang ng isang tao. Kapag iniisip natin ang kapapahan, walang pagsalang iniisip natin ang papa. Ano ang kanyang pangalan? Isa sa opisyal na tawag sa papa ay "Vicar of the Son of God," (Kahalili ng Anak ng Dios), na sa Latin (ang opisyal na wika ng iglesya) ay "Vicarious Filii Dei.) Ang artikulo ng mga pahayagan, kapag tinutukoy ang papa na "Vicar of Christ" ay ginagamitan ito ng "quotation marks" upang ipakita na ito ay salin ng kanyang katawagan, o kaya'y pangalan. Ang aklat ng Apokalipsis ay sinasabi na ang katumbas na halaga ng mga titik ng kanyang pangalan sa bilang Romano ay 666. Tingnan natin ang mga sumusunod:

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| V | 5 | F | 0 | D | 500 | TOTALS |
| I | 1 | I | 1 | E | 0 | 112 |
| C | 100 | L | 50 | I | 1 | 53 |
| A | 0 | I | 1 | | 501 | 501 |
| R | 0 | I | 1 | | | 666 |
| I | I | | 53 | | | |
| U | 5 | | | | | |
| S | 0 | | | | | |
| | 112 | | | | | |

Walang alinlangan pang natitira. Naipakita na natin na ang lahat na sampung (10) katangian na inilalarawan ng Apok. 13:1-8, 15-18 ay lapat na lahat sa kapapahan. At ang kapangyarihang ito ay may tanda na hindi natin nararapat na tanggapin.

May pamanhik na ating pansinin na maraming tapat, makadios, at maibiging mga Kristiyanong Romano Katoliko na ibinibilang ng Dios na Kanyang mga anak. Maraming mga naging papa na matapang, puspos ng biyaya, at maibigin sa Dios. Ang araling ito ay hindi panlaban sa ating mga kaibigan Katoliko, kundi sa Diablo, na umaakit sa mga iglesya mula sa katotohanan ng mga Kasulatan. Gayunman, ang Dios din ang nagsabi sa atin na ang institusyong ito ay may tanda na hindi natin nararapat na tanggapin. Ang mga tapat na Protestante, Katoliko, Judio at iba pang hindi mga Kristiyano ay kasasabikang masumpungan kung ano ang tandang ito, upang ito'y maiwasang tanggapin.

Magpasalamat tayo sa Dios na Kanyang inihayag sa Kanyang Salita ang maitim na panukala ni Satanas na wasakin tayong lahat.

Sa ating susunod na aralin, ating ipakikilala ang "tanda" ng hayop. Kung tanggapin mo ang tandang ito,ikaw ay mawawaglit. Marami ang makatutuklas na ang pagiwas sa tanda ay nangangailangan ng masidhing pakikipunyagi. Ngunit pagkakalooban tayo ng Dios ng pananampalataya nina Shadrach, Meshack, at Abednego, na handang humarap sa kamatayan upang parangalan ang Dios.

## Ang Iyong Tugon

*Kung si Jesus ang iyong tagapagtanggol sa paghatol, ipinangangako Niya ang iyong tagumpay. Ipagkakaloob mo ba ngayon ang iyong buhay sa Kanya?*

*TUGON:* ______________

